San Francisco
Water Power Sewer
Services of the San Francisco Public Utilities Commission

## Ang Inyong Mga Rate sa Tubig at Sewer

# Kailangang Tiyakin ng Mga Pagbabago sa Rate ang De-kalidad na Serbisyo sa Aming Mga Customer sa Susunod na 100 Taon



Kami ang San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC), ang ahensyang nagbibigay sa San Francisco ng mga serbisyo sa tubig at sewer. Araw-araw, inihahatid namin sa inyo ang pinaka-dekalidad na tubig mula sa gripo sa buong bansa. Kinokolekta namin pareho ang sewage at tubig mula sa ulan para sa mga bahay at negosyo para protektahan ang pampublikong kalusugan at ang kapaligiran.

Nangangailangan ng mga pag-upgrade ang mga naluluma na naming sistema para maiwasan ang mga pagkasira, mapataas ang kaligtasan mula sa lindol, at makaangkop sa mga bagyo habang nagbabago ang klima. Hindi namin ito magagawa nang wala ang mga nagbabayad sa amin ng rate. Halos eksklusibo kaming pinopondohan ng mga rate na ibinabayad ninyo, hindi ng mga buwis.

Kailangan ng SFPUC na regular na pag-aralan ang mga rate para matiyak na sinasalamin ng mga rate na sinisingil sa mga customer ang totong gastos sa pagkakaloob ng aming mga serbisyo. Pagkatapos, nagpapanukala ng mga pagbabago para matiyak na patas ang pagtrato sa lahat ng customer, tuloy-tuloy na maibibigay ang mga serbisyo, natutugunan ang mahihigpit na regulasyong pangkapaligiran, at mapapanatili sa pangmatagalan ang pinansyal na katatagan ng ating mga asset at sistema. Para ipagpatuloy ang paghahatid ng mga serbisyo na inaasahan ng mga taga-San Francisco, ipinapanukala ng SFPUC ang pagtataas ng bayad sa tubig at sewer, simula Hulyo 1, 2023.



*Wiggle Neighborhood Green Corridor Rain Gardens - Hinahawakan ng Wiggle Neighborhood Green Corridor project ang 1.2 milyong galon ng tubig-ulan kada taon. Lokasyon ng larawan: Fell Street at Broderick Street.*

**ANG ATING SISTEMA NG TUBIG**

- 2.7 Milyong Customer
- 175 Milyong Galon kada Araw
- 167 Milya sa Buong Estado

**ANG PINAGSAMA-SAMA NATING SISTEMA NG SEWER**

- 3 Treatment Facility
- 1,900 Milya ng Tubo
- 70 Milyong Galon ang Nati-treat kada Araw Kapag Tuyo ang Panahon, 575 kada Araw Kapag Basa ang Panahon

- **Marami sa mga bahagi ng ating mga sistema ng tubig at sewer ay mahigit 100 taong gulang na.**
- **Ang ilang bahagi ng ating sistema ng sewer ay mula pa noong Gold Rush.**
- **Ang isa sa pinakamahalagang tunnel ng tubig ng ating sistema, ang Mountain Tunnel, ay ginawa noong 1925, noong si Calvin Coolidge pa ang presidente at ang average na presyo ng bahay ay $6,000.**

# Ang Mga Detalye

Batay sa aming mga pangangailangan sa operasyon at pagpapaunlad ng kapital, inirerekomenda ng mga independiyenteng rate analyst ang average na taunang pagtaas ng rate para sa tubig at sewer na humigit-kumulang $12.69 kada buwan para sa average na single-family residential na sambahayan sa San Francisco (humigit-kumulang 8.3% kada taon).

Sa kabila ng mga ganitong pagtaas ng rate, lubos na mataas ang halaga ng aming mga serbisyo. Ang isang galon ng aming world-class na tubig mula sa gripo ay nagkakahalaga lang ng 2 sentimo, habang ang isang galon ng tubig na nasa bote ay nagkakahalaga na ng $1.79 sa average. Sa panukala naming pagtaas ng rate, ang average na bill sa tubig at sewer ng customer sa San Francisco ay magiging mas mababa kaysa sa mga kasalukuyang bill sa Los Angeles at Santa Clara, at mataas lang nang kaunti sa San Diego at San Jose.




Nasa ibaba ang higit pang impormasyon tungkol sa mga panukalang pagtaas ng rate, ang proseso namin sa pagtatakda ng rate, at kung saan ninyo puwedeng malaman ang higit pa.

**Mga singil para sa tubig-ulan:** Bilang bahagi ng panukala naming mga bagong rate ng tubig at sewer na nilalayong mailapat mula Hulyo 1, 2023, plano ng SFPUC na baguhin ang paraan ng pagkalkula sa sewer na bahagi ng inyong buwanang bill para mas maitugma ang aming mga rate sa gastos ng paghahatid ng serbisyo sa aming mga customer.

Sa kasalukuyan, pinagsasama sa sewer na bahagi ng inyong bill ang gastos para kolektahin at i-treat ang sewage na lumalabas sa mga gusali, gaya ng pag-flush ng toilet, pati na tubig-ulan na dumadaloy sa mga rooftop, parking lot, at driveway. Sa bagong istrukturang ito, hahatiin ang sewer na bahagi ng inyong bill sa dalawang parte: singil para sa wastewater at singil para sa tubig-ulan. Magkahiwalay na kakalkulahin ang bawat isa.

Hindi babaguhin ng bagong istrukturang ito ang kabuuang kitang makokolekta ng SFPUC. Isa lang itong mas siyentipiko at pantay na paraan ng paglalaan ng mga kasalukuyang gastos sa pamamahala ng wastewater.

Ang wastewater na bahagi ng bill ay ibabatay sa tinatayang dami ng nailalabas na wastewater. Ang singil para sa tubig-ulan ay ibabatay sa tinatayang dami ng tubig-ulan na dumadaloy sa bawat property. Ang ganitong na-update na paraan ay ang karaniwang paraan sa maraming utility sa buong mundo.

### Pagiging Abot-kaya

Nakatuon kaming panatilihing abot-kaya ang aming mga rate at makapagbigay ng paraan sa lahat ng aming customer na mas mapababa ang kanilang mga bill.

Nauunawaan namin na mahirap para sa maraming taga-San Francisco ang pagbabadyet. kaya naman nag-aalok kami ng **Customer Assistance Program** na nagbibigay ng diskuwento sa mga bill ng tubig at wastewater para tulungan ang mga nangangailangang customer. Kung mababa ang inyong kita at nagbabayad kayo ng bill ng water at wastewater ng SFPUC, posibleng kuwalipikado kayo na tumanggap nitong diskuwento.

Nag-aalok din kami ng mga libreng resource para makatipid ng tubig at pera. Kabilang dito ang iba't ibang rebate, grant, at iba pang serbisyo. Available ang mga ito sa mga residente, negosyo, at organisasyon. Kung gusto ninyong makatipid habang pinoprotektahan ang kapaligiran, mag-click dito: **sfpuc.org/2023Rates**.

### Transparency

Isang pag-aaral ng rate, na isinagawa ng isang independiyenteng firm, ang tumutukoy sa aming mga gastos para makapagbigay sa inyo ng mahahalagang serbisyo sa tubig at sewer. Ginagawang batayan ang mga resulta para sa aming panukalang rate, na dumaraan sa maraming proseso ng pag-apruba na bukas sa publiko.

Ang Rate Fairness Board, na binubuo ng mga lokal na mamamayan, ang sumusuri sa aming panukala, nagsasagawa ng mga pampublikong pulong, at nagbibigay ng mga rekomendasyon para matiyak na patas, equitable, at nakasusunod sa mga batas at regulasyon ang aming mga rate. Ikokonsidera rin ng SFPUC Commission ang panukalang rate sa isang pampublikong pulong sa Mayo 2023.

***Isa kaming not-for-profit na utility na may mga rate na nagpapakita sa totoong gastos sa pagpapatakbo, pagpapanatili, at pag-a-upgrade ng aming mga sistema ng tubig at sewer, at wala nang iba pa.***

San Francisco Water Power Sewer
Services of the San Francisco Public Utilities Commission

**Alamin ang higit pa!** Makakuha ng impormasyon tungkol sa mga panukalang pagbabago sa rate at mga paraan kung paano makakatipid sa inyong bill sa **sfpuc.org/2023Rates**.